B&G dinurog ng pinong pino ang 5X 'Champion Ballantine's **9-2** sa kainitan ng labanan sa Round 13 ng DFBC 52nd All Filipino Bowling League 2017, 2nd Conference Supported by BEFIT – AKI Fitness!!!

#17 B&G back to their giant killing ways was too hot to handle for #8 Ballantine's as they swept their opponent with impeccable bowling scoring **9-2** sa lumalamig na Biyernes ng Round 13 sa 52nd DFBC All Filipino Bowling League, 2017 2nd Conference supported by BEFIT-AKI Fitness.

Matinding galit ang ipinakita ng B&G matapos ang ilang beses na pagkakalugmok at napag diskitahan nila ang Whisky Drinkers na malakas pa ang hang over kung kaya naman mistulang pinaglaruan sa kanilang bakbakan sa umiinit na labanan sa DIBC arena. Ang parang labanos sa puti at in-love na in-love na si Maria Macatangay ang walang awang bumugbog sa kanilang katunggali matapos siyang magpakawala ng mga nakakagulat na iskors na sinimulan niya sa 270 noong unang salpukan kung saan kanyang napagwagian ang Dante's Peak Bowler of the Week award, sinundan niya ito ng 232 noong ikalawang salpukan bago nagpahinga sa 211 sa huling yugto ng labanan para pangunahan ang kanyang koponan. Ang serye ni Maria na 713 ay sapat para siya ay tanghalin na Ballantine's High Series of the Week awardee. Binasag din ni Maria ang record ni Liza Castro na 700 Series with Handicap sa kanyang 713. Nakatulong ni Maria sa pagyurak sa Ballantine's sina Babes Lopez na sumipa ng 618 series, si Kapitan Herbert Capili na sumuntok ng 615 series, Edwin Diaz na bumanat ng 573 series at si Dong Corpuz na tumadyak ng 515 series. Nakamit ng B&G ang kanilang unang DCC Cargo Team of the Week award sa kanilang kabuuang serye na 3,034. Bukod dito ay umakyat sila mula #18 sa #15 sa kanilang 53 points.

Ballantine's was paced by Robini Edralin with 619 series, Team Captain Mario Magdaluyo with 618 series, Ricky Reyes with 525 scratch series, Dindo Fernando with 508 series and Joylyn Sta. Barbara with 502 series. Ballantine's managed to stay at #8 with 62 points.

#1 The Bowlers of Symmetry (TBS) nagpatuloy ang pananalasa this time laban sa tribo ng #13 DCC Cargo **7-4**. Medyo matagal na ring panahon ng mag kampeon ang koponan ni Ka Elsie Marcial kaya naman ngayong naka porma na sila at playing the best games so far this season ay todo focus ang kanilang team para masungkit ang korona. Sa labanan kontra DCC Cargo, ang maliit pero mabagsik na mandirigma na si Vien Datinguinoo ang nasa unahan ng kanilang bakbakan kung saan siya ay pumoste ng 658 series para pangunahan ang kanilang koponan. Kasabwat ng mandirigmang si Vien ang amazona na si Kapitana Elsie Marcial na sumalag ng 626 series, ang amazona na si Abby Abago ay nagpakawala na 595 na palaso para durugin ang kalaban, isa pang mandirigma sa katauhan ni Atty Joe Rodrigo na umispada ng 577 series at ang Hari ng mga mandirigma na si Ryan Layoso famously known as Llave King ay sumalakay ng 570 series. Wala ng nagawa ang DCC Cargo kundi magpasakop bago sila maubos ng TBS. Nanatili ang The Bowlers of Symmetry (TBS) sa unahang puesto sa kanilang 93 points kung saan napalawig nila ang kanilang kalamangan sa humahabol na tribo ng Tweeners sa 7 puntos.

DCC Cargo was paced by Al Casio with 641, Danny Casio with 619, Filo Escabel with 576, Merle Pilapil Cada with 569 and Lukas Sta. Barbara with 561. DCC Cargo managed to stay at #13 with 57 points.

Isang kamangha mangha na performance sa ikatlong yugto ng #2 Tweeners matapos na pabagsakin sila ng dalawang beses ng #12 Team Pilipinas matapos mawalang ng ulirat ay nagising sa oras para talunin ang kanilang katunggali. Hindi lang nila tinalo ang Team Pilipinas sa 3rd game, nakakopo din sila ng 2 bonus points at naagaw ang overall. Nanguna si Jaezen Plata sa 3rd game matapos ang kahindik hindik na 1st and 2nd game ng 256, sumunod si Kapitana Kathleen "Peachy" Raymundo ng 223, ganoon din si Robi Gamboa na merong 219, si Tess Victoria ay tumumba ng 212 at ang nagiisang lalake sa grupo na si Doc Ronnie Fabian ay natapos sa 196. It was an excellent recovery for Tweeners matapos magwala sa unang dalawang labanan. Si Kathleen ang top scorer ng team with 610 series na sinundan nila Jaezen ng 580 series, Doc

Fabian ng 578 series , Tess ng 576 series at Robi ng 571 series. Napanatili ng Tweeners ang kanilang hawak sa ikalawang puesto sa kanilang 80 points.

Team Pilipinas was paced by Ray Teodoro with 601 series, Toto Agura with 590 series, Sheila Estabaya with 582 series, Mark Bumagat with 551 scratch series and Team Captain Dennis Araza (188) teamed up with Rey Castillo (380) for 568 series. Team Pilipinas loss put them at #12 with 58 points.

#3 Sherlock blanked #7 Harimanok Farm **8-0**. Teamwork ang naging tema para sa Sherlock matapos magkatulungan ang mga boleros ni Manager Edgar kung saan ang mga mabababa ay nasalo nila Stephen Fideles at Larry Dolor na nakapagtala ng 672 at 651 na serye ayon sa pagkakasunod. Ang 672 series ni Stephen ang best series for the day dahilan para Manalo siya ng Ballantine's High Series of the Week award. Nabitibit ni Stephen at Larry si Rodel "The Billionaire" Billones na nag struggle sa kanyang 507 series samantalang sina Tina Tabon at Jake Leonador ay naroon lamang sa kanilang 578 at 561 na serye. Patuloy ang Sherlock sa kanilang paghahangad na maiuwi ang kampeonato kung saan napanatili nila ang hawak sa ika tatlong puesto sa kanilang 82 points.

Harimanok Farm was paced by Alvin Alfaro with 580, Danny Torres with 578, Liza Castro with 526, Andy Erena with 518 and Ruel Merina (389) combined with Team Captain July Perez (168) for 557. Harimanok Farm slid down to #11 with 60 points.

#5 FC Bowlers inilampaso ang #18 na Wild Wild X sa kartadang **7-3**. Sa pagkakataon na ito, si Kapitan Noel Benavidez ay nagmistulang liwanag sa kanilang koponan matapos siyang bumakbak ng 650 series. Tinulungan si Noel nila Ronald Valdez na nagbigay ng 609 series, Reb Esma na nagsumite ng 595 series, Jomar Naguit na nag palagay ng 583 series at Cris Toledo na nag ambag ng 562 series. Nanatili ang FC Bowlers sa ika limang puesto sa kanilang kabuuang 76 points.

Wild Wild X was paced by Ron (614) highlighted by his 264 in the second game winning Dante's Peak Bowler of the Week award, Rodel Calderon (587), Obet Lucero (557), Mariza Santiago (556) and Bernie dela Cruz (526). Wild Wild X stayed at #18 with 47 points.

#9 Derdan's Strikers 2017 pinagsasampal ang #14 Approach-A-Bowls **6-2**. Patuloy ang pamamayagpag ni Aileen de Leon sa kanilang koponan kung saan bilang bagong bowler malaking improvement ang kaniyang ipinapakita. Umiskor si Aileen ng 638 series para pangunahan muli ang kanilang koponan. Nakasama ni Aileen sa pananampal sa kanilang koponan ang maliit pero cute na si Kim Co na sumapak ng 621 series, si Tony Jaro na sumumpak ng 607 series, si Kapitan Danilo Aquino na bumatok ng 540 series at si Joel Umalsa na sumalida ng 536 series. Dahil sa kanilang tinamasang tagumpay, naka akyat ang Derdan's Strikers 2017 sa ika pitong puesto sa kanilang 64 points.

Approach-A-Bowls was paced by Joel Pangan with 615, Ato Lubao with 603, Albert Soriano with 572, Lorna Rabulan with 526 and Marivic Parducho with 517. Approach-A-Bowls stayed at #14 with 52 points.

#11 IIEE kinuryente at pinatulog ang #15 Pocket Sniper 6-2. Pinangunahan ni Joven ang kanilang koponan sa pangunguryente sa kanilang kalaban sa kanyang 626 series. Katulong ni Joven sina na Arnel Arias na nag spark ng 620 series, Christine Ocampo na nag pa sexy sa kanyang 609 series, Isagani Porcina na nag pasinag ng 580 series at si Loreto Gonzaga (357) na nakipagsabwatan kay Bernard Solomon (207) sa 564 series. Pumasok na sa Elite Top 10 teams ang IIEE matapos umakyat sa ika 9 na puesto sa kanilang 61 points.

Pocket Sniper was paced by Team Captain Ritchie Villarosa with 643 series on games of 215, 221 & 207, Aiza Garcia with 637 series, Dennis Gonzaga with 615 series, Lusy Indiente with 565 series and Leo Lerma (151) joined hands with Doods Salazar (372) for 523 series. Pocket Sniper fell to #16 with 50 points.

#19 Friendly Bowlers nasilat ang #16 Team Barangay **5-4**. Kahit nasa ilalim ng ating team standings, hindi dapat balewalain ang Friendly Bowlers ay kaya pa rin nilang talunin ang mga beteranong teams ng ating liga. Ang 7X Champion na si Gary Faustino ang namayagpag sa kanilang team matapos mag buslo ng 643 series sa mga iskor na 209, 233 & 201. Malaking tulong kay Gary si Manager Grace Abalos na bumigay ng 601 series, si Lita Labuguen na bumanat ng 560 series, si Rey Liboon na bumasag ng 551 series at si Ging Aring na nagsara ng iskoring ng grupo sa kanyang 527 series. Nanatili ang Friendly Bowlers sa ika 19 na puesto sa kanilang 32 points.

Team Barangay was paced by Arnold Asuncion with 612, Rica Asuncion with 607, Chris Cueva with 548, Team Captain Ariel Serrano with 534 and Philip Cabutihan with 519. Team Barangay went down to #17 with 50 points.

Other Results:

#4 V for Victory scored **7** points against themselves with Mimi Malik leading the charge with 620 series with help coming from Mike Vargas who put in 603 series, Joan Vargas who is staging a comeback with 583 series, Alfie de Ubago who reconfigured 535 series and Rax Araneta who closed the scoring with 509 series. V for Victory stayed at #4 with 76 points.

Isang mapayapang bakbakan ang naganap sa pagitan ng #6 Xclusive at #10 Covenant matapos sila magtabla **4-4**. Nanguna sa Xclusive ang pinakabata nilang bolero na si Jan Glen Leyesa na nagpakawala ng 616 series na sinuportahan nila Mel “Gandang Lalake” Aviles na nagdagdag ng 592 series at Lily Leyesa na nag ambag ng 585 series samantalang si Marissa Manalo ang nagpakitang gilas sa koponan ng Covenant matapos manguna sa kanyang 645 series na tinulungan nila Hector Francia na nagpa ikot ng 604 series at Danton Abejero na nagsumite ng 567 series. Parehong nanatili ang Xclusive sa ika anim na puesto sa kanilang 66 points at ang Covenant sa ika sampung puesto sa kanilang 61 points.

Our Star Performers in Round 13.

Accumulator Award 1/Rounds		None	
DCC Cargo Team of the Week		B&G	3,034
Dante’s Peak Bowler of the Week – Male		Ron	264
Dante’s Peak Bowler of the Week – Female		Maria Macatangay	270
Ballantine’s High Series of the Week – Male		Stephen Fideles	672
Ballantine’s High Series of the Week – Female		Maria Macatangay	713
WTA Winners	Game 1	Game 2	Game 3
Male Open + Handicap	Stephen Fideles – 253 (180)	Leo L – 255 (180)	Leo L – 267 (180)
Female Open + Handicap	Maria Macatangay – 270 (80)	Maria Macatangay – 232 (140)	Aileen De Leon – 243 (130)

Can you please note that WTA is open to all bowlers; current handicap will be added to your scores for everyone to have a chance to win.

The TOP 10 TEAMS after Round 13.

1	The Bowlers of Symmetry (TBs)	93	Points
2	Tweeners	86	Points
3	Sherlock	82	Points
4	V for Victory	76	Points
5	FC Bowlers	76	Points
6	Xclusive	66	Points
7	Derdan's Strikers 2017	64	Points
8	Ballantine's	62	Points
9	IIEE	61	Points
10	Covenant	61	Points

Announcements:

We will have our first double header this coming Friday, 3rd November 2017 at exactly 9:00am. We encourage bowlers to arrive at 8:50am as shadow bowling starts at 9:00am sharp.

Congratulations to our Bowler of the Month Champions for the month of October 2017.

Classification	Champion
Class O – Male	Jake Leonador (Sherlock)
Class A – Male	Ryan Layoso (The Bowlers of Symmetry)
Class B – Male	Robi Gamboa (Tweeners)
Class C – Male	Rey Castillo (Team Pilipinas)
Female	
Open Class C	Grace Abalos (Friendly Bowlers) Lusy Ingente (Pocket Sniper)

We will continue with our November BOM qualifying on Friday, 3rd November 2017. You can register with V for Victory (Round 14) in Lane 9 during the morning session and with The Bowlers of Symmetry (TBS) <Round 15> during the afternoon session in Lane 8 for your entries. The deadline for your entries will be before the end of the 3rd frame of the first game. Our BOM entry fee is AED 30.00.

The Club will continue to allow reserve bowlers to compete in the WTA and BOM by playing in Lanes 21 & 22. This will now give a chance to bowlers to participate and compete with the prestigious Bowler of the Month finals the winner of which will be declared Champion and will have the right to slug it out for a chance to win the coveted Bowler of the Year Trophy at the end of the year. The corresponding lane fee and WTA/BOM entry fee will need to be paid accordingly. The BOM entry fee will be AED30.00.

We would like to thank our sponsors for this conference, BEFIT-AKI Fitness, DCC Balikbayan Box Cargo Services LLC, Edgar Ramos of Sherlock, Danilo Aquino of Derdan's Strikers 2017, Poale Builders, Ballantine's (Pernod Ricard Gulf), and former President Dante Herras.

That is all for now. Let us enjoy our Fridays in DIBC. Just remember bowling is fun and therapeutic. Win or lose just keep on smiling and Laughter is the best medicine. Happy bowling to everybody!!! We will see you this Friday, 3rd November October 2017 for our first double header this conference. We will start shadow bowling for Round 14 at 9:00am to be followed by our Round 15 immediately thereafter.

MMG

SALE! SALE! SALE!

@ BeFit Abu Dhabi till 15-Nov-17

for inquiries please call Jesse Yamon 050-9800553

Before: 993
Now: 698
Before: 858
Now: 643
Before: 929
CODE BLACK
Now: 697
Before: 723
Rocket Ship
Now: 542
Before: 773
Now: 588
Before: 886
Now: 665
Before: 850
PHOBIA
Now: 638
Before: 706
Game Breaker
Phenom
Now: 529
Before: 809
Now: 606